

Blue Shield TotalDual Plan, (HMO D-SNP) | 2024 Buod ng Mga Benepisyo

Kung mayroon kayong mga tanong, mangyaring tawagan ang Blue Shield TotalDual Plan sa 1-800-452-4413 (TTY: 711), 8:00 a.m. hanggang 8:00 p.m., pitong araw sa isang linggo. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon,** puntahan ang www.blueshieldca.com/medicare



Panimula

Ang dokumentong ito ay isang maikling buod ng mga benepisyo at serbisyong saklaw ng Blue Shield TotalDual Plan. Kalakip nito ang mga sagot sa madalalas na tanong, mahalagang impormasyon sa pakikipag-ugnayan, isang pangkalahatang-ideya ng mga benepisyo at serbisyong inaalok, at impormasyon tungkol sa inyong mga karapatan bilang miyembro ng Blue Shield TotalDual Plan. *Makikita ang mahahalagang termino at ang mga kahulugan ng mga ito na nakaayos ayon sa alpabeto sa huling kabanata ng Ebidensya ng Saklaw.*

Talaan ng Nilalaman

A. Mga Disclaimer	3
B. Mga madalas itanong (Frequently asked questions, FAQ).....	6
C. Listahan ng mga saklaw na serbisyo	14
D. Mga benepisyong saklaw sa labas ng Blue Shield TotalDual Plan.....	38
E. Mga serbisyong hindi sinasaklaw ng Blue Shield TotalDual Plan, Medicare, at Medi-Cal	43
F. Ang iyong mga karapatan bilang miyembro ng plano	44
G. Paano maghain ng reklamo o umapela ng tinanggihan, naantala, o binagong serbisyo.....	47
H. Ano ang dapat gawin kung may pinanghihinalaan kayong pandaraya.....	47



A. Mga Disclaimer



Ito ay isang buod ng mga serbisyong pangkalusugan na saklaw ng Blue Shield TotalDual Plan para sa 2024. Isa lamang itong buod. Pakibasa ang *Ebidensya ng Saklaw* para sa buong listahan ng mga benepisyo. Hindi nakalista sa ibinigay na impormasyon sa benepisyo ang bawat serbisyong sinasaklaw namin o nakalista ang bawat limitasyon o di-kasama. Upang makakuha ng kumpletong listahan ng mga serbisyong sinasaklaw namin, mangyaring sumangguni sa Ebidensya ng Saklaw EOC sa www.blueshieldca.com/MAPDdocuments2024 o sa pamamagitan ng pagtawag sa Pangangalaga sa Customer sa 1-800-452-4413 (TTY:711), 8:00 a.m. hanggang 8:00 p.m., pitong araw sa isang linggo. Tandaan: Magiging available ang EOC sa aming website pagsapit ng Oktubre 15, 2023.

- ❖ Ang Blue Shield of California ay isang HMO at HMO D-SNP plan na may kontrata sa Medicare. Mayroon ding nakasulat na kasunduan ang plano sa California Medi-Cal (Medicaid) program upang mai-coordinate ang inyong mga benepisyong ng Medi-Cal (Medicaid).
- ❖ *Kasama sa Blue Shield TotalDual Plan ang Part D na saklaw, na nagbibigay ng saklaw sa inireresetang gamot, na nag-aalok sa inyo ng kaghinhawaan ng pagkakaroon ng inyong medikal at mga inireresetang gamot na parehong sakop ng isang plano.*
- ❖ *Upang makasali sa Blue Shield TotalDual Plan, dapat ay mayroon kayong Medicare Part A at Medicare Part B, maging karapat-dapat para sa Medi-Cal (Medicaid), at naninirahan sa aming lugar ng serbisyo. Kasama sa aming lugar ng serbisyo ang Los Angeles at San Diego Counties.*
- ❖ *Makikita ang Direktoryo ng Provider ng aming plano sa aming website sa www.blueshieldca.com/find-a-doctor.*
- ❖ *Makikita ang Direktoryo ng Parmasya ng aming plano sa aming website sa www.blueshieldca.com/medpharmacy2024.*
- ❖ *Upang makuha ang pinakakumpleto at pinakakasalukuyang impormasyon tungkol sa akung aling mga gamot ang saklaw, maaari niyong puntahan ang aming website sa www.blueshieldca.com/medformulary2024.*
- ❖ Para sa higit pang impormasyon tungkol sa **Medicare**, maaari ninyong basahin ang *Medicare & You* na handbook. Mayroon itong buod ng mga benepisyong ng Medicare, mga karapatan at proteksyon, at sumasagot sa mga pinakamadadala na tanong tungkol sa Medicare. Makukuha ninyo ito sa website ng Medicare (www.medicare.gov) o sa pamamagitan ng pagtawag sa 1-800-MEDICARE (1-800-633-4227), 24 oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo. Dapat tumawag ang mga gumagamit ng TTY sa 1-877-486-2048. Para sa higit pang impormasyon tungkol sa **Medi-Cal**, maaari niyong tingnan ang website ng Departamento ng Mga Serbisyo sa Pangangalagang Pangkalusugan ng California CDHCS (www.dhcs.ca.gov/) o makipag-ugnayan sa Medi-Cal Office ng



Kung mayroon kayong mga tanong, mangyaring tawagan ang Blue Shield TotalDual Plan sa 1-800-452-4413 (TTY: 711), 8:00 a.m. hanggang 8:00 p.m., pitong araw sa isang linggo. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, puntahan ang www.blueshieldca.com/medicare. 3

Ombudsman 1-888-452-8609, Lunes hanggang Biyernes, sa pagitan ng 8:00 a.m. at 5:00 p.m. Maaari niyo ring tawagan ang espesyal na Ombudsman para sa mga taong may parehong Medicare at Medi-Cal, sa 1-855-501-3077, Lunes hanggang Biyernes, sa pagitan ng 9:00 a.m. at 5:00 p.m.

- ❖ Maaari ninyong makuha ang dokumentong ito nang libre sa iba pang format, gaya ng malaking titik, braille, o audio. Tumawag sa 1-800-452-4413 (TTY: 711), 8:00 a.m. hanggang 8:00 p.m., pitong araw sa isang linggo. Libre ang tawag.
- ❖ Sumusunod ang kumpanya sa mga naaangkop na batas ng estado at pederal na batas sa karapatang sibil at hindi ito nandiskrimina, nagbubukod ng mga tao o pinapakitunguhan sila nang naiiba, batay sa lahi, kulay, pinagmulang bansa, kinabibilangang etnikong pangkat, medikal na kundisyon, genetic na impormasyon, lipi, relihiyon, kasarian, katayuan sa pag-aasawa, kinikilalang kasarian, sekswal na oryentasyon, edad, kapansanan sa pag-iisip, o pisikal na kapansanan. La compañía cumple con las leyes de derechos civiles federales y estatales aplicables, y no discrimina, ni excluye ni trata de manera diferente a las personas por su raza, color, país de origen, identificación con determinado grupo étnico, condición médica, información genética, ascendencia, religión, sexo, estado civil, género, identidad de género, orientación sexual, edad, ni discapacidad física ni mental. 本公司遵守適用的州法律和聯邦民權法律，並且不會以種族、膚色、原國籍、族群認同、醫療狀況、遺傳資訊、血統、宗教、性別、婚姻狀況、性別認同、性取向、年齡、精神殘疾或身體殘疾而進行歧視、排斥或區別對待他人。
- ❖ Kapag sinasabi sa dokumento na ito na “kami,” “tayo,” o “amin,” nangangahulugan itong California Physicians’ Service (dba Blue Shield of California). Kapag sinasabi nitong “plano” o “aming plano,” nangangahulugan itong Blue Shield TotalDual Plan.
 - Attention: If you speak English, language assistance services, free of charge, are available to you. Call 1-800-452-4413 (TTY: 711), 8:00 a.m. to 8:00 p.m., seven days a week. The call is free.
 - Español (Spanish): ATENCIÓN: si habla español, tiene a su disposición servicios gratuitos de asistencia lingüística. Llame al Blue Shield TotalDual Plan 1-800-452-4413 (TTY: 711) de 8:00 a.m. a 8:00 p.m., los 7 días de la semana.
 - 繁體中文 (Chinese): 注意：如果您使用繁體中文，您可以免費獲得語言援助服務。請致電 Blue Shield TotalDual Plan 1-800-452-4413（聽障和語障專線：711），服務時間為每週七天，上午 8:00 至晚上 8:00。這是免付費電話。
 - Tiếng Việt (Vietnamese): CHÚ Ý: Nếu bạn nói Tiếng Việt, có các dịch vụ hỗ trợ ngôn ngữ miễn phí dành cho bạn. Gọi số Blue Shield TotalDual Plan 1-800-452-4413 (TTY: 711) 8 giờ sáng–8 giờ tối, 7 ngày trong tuần. HOẶC Ban.



- Tagalog (Tagalog – Filipino): PAUNAWA: Kung nagsasalita ka ng Tagalog, maaari kang gumamit ng mga serbisyo ng tulong sa wika nang walang bayad. Tumawag sa Blue Shield TotalDual Plan 1-800-452-4413 (TTY: 711)
- 한국어(Korean): 주의: 한국어를 사용하시는 경우, 언어 지원 서비스를 무료로 이용하실 수 있습니다. Blue Shield TotalDual Plan 1-800-452-4413(TTY: 711)번으로 전화해 주십시오,오후 8 시, 7 일 주일 오전 8 시.
- Հայերեն (Armenian): ՈՒՇԱԴՐՈՒԹՅՈՒՆ՝ Եթե խոսում եք հայերեն, ապա ձեզ անվճար կարող են տրամադրվել լեզվական աջակցության ծառայություններ: Ձանգահարեք Blue Shield TotalDual Plan 1-800-452-4413 (TTY (հեռատիպ)՝ 711)
- فارسی (Farsi): توجه: اگر فارسی صحبت می‌کنید، خدمات کمک زبانی به صورت رایگان در دسترس شما است. با شماره 1-800-452-4413 (TTY: 711) از 8:00 صبح تا 8:00 بعدازظهر، هفت روز در هفته تماس بگیرید. این تماس رایگان است. تسهیلات کنید، می‌گفتگو فارسی زبان به اگر توجه توجه
- Русский (Russian): ВНИМАНИЕ: Если вы говорите на русском языке, вам доступны бесплатные услуги перевода. Звоните в план Blue Shield TotalDual Plan по номеру 1-800-452-4413 (TTY: 711).
- 日本語 (Japanese): 注意事項：日本語を話される場合、無料の言語支援をご利用いただけます。Blue Shield TotalDual Plan 1-800-452-4413 (TTY:711) まで、お電話にてご連絡ください。
- العربية (Arabic): ملحوظة: إذا كنت تتحدث اللغة العربية، فإن خدمات المساعدة اللغوية تتوافر لك بالمجان. اتصل على Blue Shield TotalDual Plan برقم 1-800-452-4413 (TTY:711).
- ਪੰਜਾਬੀ (Punjabi): ਧਿਆਨ ਦਿਓ: ਜੇ ਤੁਸੀਂ ਪੰਜਾਬੀ ਬੋਲਦੇ ਹੋ, ਤਾਂ ਭਾਸ਼ਾ ਵਿੱਚ ਸਹਾਇਤਾ ਸੇਵਾ ਤੁਹਾਡੇ ਲਈ ਮੁਫਤ ਉਪਲਬਧ ਹੈ। Blue Shield TotalDual Plan 1-800-452-4413 (TTY:711) 'ਤੇ ਕਾਲ ਕਰੋ।
- ខ្មែរ (Cambodian/Khmer): ប្រយ័ត្ន៖ បើសិនជាអ្នកនិយាយ ភាសាខ្មែរ, សេវាជំនួយផ្នែកភាសា ដោយមិនគិតល្អូល គឺអាចមានសំរាប់បំរើអ្នក។ ចូរ ទូរស័ព្ទ Blue Shield TotalDual Plan 1-800-452-4413 (TTY:711)។
- Hmoob (Hmong): LUS CEEV: Yog tias koj hais lus Hmoob, cov kev pab txog lus, muaj kev pab dawb rau koj. Hu rau Blue Shield TotalDual Plan 1-800-452-4413 (TTY:711).
- हिंदी (Hindi): ध्यान दें: यदि आप हिंदी बोलते हैं तो आपके लिए मुफ्त में भाषा सहायता सेवाएं उपलब्ध हैं। Blue Shield TotalDual Plan 1-800-452-4413 (TTY:711) पर कॉल करें।
- ภาษาไทย (Thai): เรียน: ถ้าคุณพูดภาษาไทยคุณสามารถใช้บริการช่วยเหลือทางภาษาได้ฟรี โทร Blue Shield TotalDual Plan 1-800-452-4413 (TTY:711).



• اُردُو (Urdu): خیردار: اگر آپ اردو بولتے ہیں، تو آپ کو زبان کی مدد کی خدمات مفت میں دستیاب ہیں۔ کال کریں Blue Shield TotalDual Plan .1-800-452-4413 (TTY:711)

- Maaari ninyong makuha ang dokumentong ito nang libre sa iba pang format, gaya ng malaking titik, braille, o audio. Tumawag sa 1-800-452-4413 (TTY: 711), 8:00 a.m. hanggang 8:00 p.m., pitong araw sa isang linggo. Libre ang tawag.
- Maaari kayong gumawa ng pangmatagalang kahilingan para makuha ang dokumentong ito sa isang wikang bukod sa Ingles o sa isang alternatibong format ngayon at sa hinaharap. Para makagawa ng kahilingan, mangyaring makipag-ugnayan sa Pangangalaga sa Customer ng Blue Shield TotalDual Plan. Ang inyong gustong wika at format ay ilalagay sa file para sa mga komunikasyon sa hinaharap. Para makagawa ng mga update sa inyong mga kagustuhan, mangyaring makipag-ugnayan sa Pangangalaga sa Customer ng Blue Shield TotalDual Plan.

B. Mga madalas itanong (Frequently asked questions, FAQ)

Nakalista sa sumusunod na talaan ang mga madalas itanong.

Mga Madalas Itanong	Mga Sagot
<p>Ano ang isang Medicare-Medi-Cal Coordination Plan?</p>	<p>Ang Medicare-Medi-Cal Coordination Plan ay isang planong pangkalusugan na nakikipagkontrata sa Medicare at Medi-Cal upang ibigay ang mga benepisyo ng parehong programa sa mga nagpapatala. Ito ay para sa mga taong may edad na 65 taong gulang at mas matanda pa. Ang Medicare-Medi-Cal Coordination Plan ay isang organisasyong binubuo ng mga doktor, ospital, parmasya, mga provider ng Mga Pangmatagalang Serbisyo at Suporta (Long-term Services and Supports, LTSS) at iba pang provider. Mayroon din itong mga coordinator ng pangangalaga upang tulungan kayong pamahalaan ang lahat ng inyong provider at suporta. Nagtutulong silang lahat upang ibigay ang pangangalagang kailangan ninyo.</p>



Kung mayroon kayong mga tanong, mangyaring tawagan ang Blue Shield TotalDual Plan sa 1-800-452-4413 (TTY: 711), 8:00 a.m. hanggang 8:00 p.m., pitong araw sa isang linggo. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, puntahan ang www.blueshieldca.com/medicare. 6

Mga Madalas Itanong	Mga Sagot
<p>Makukuha ko ba ang parehong mga benepisyo ng Medicare at Medi-Cal sa Blue Shield TotalDual Plan na nakukuha ko ngayon?</p>	<p>Makukuha ninyo ang karamihan sa inyong sinasaklaw na mga benepisyo ng Medicare at Medi-Cal nang direkta mula sa Blue Shield TotalDual Plan. Makikipagtulungan ka sa isang koponan ng mga tagabigay na tutulong na tukuyin kung anong mga serbisyo ang pinakamahasay na makatutugon sa iyong mga pangangailangan. Nangangahulugan ito na maaaring mabago ang ilan sa mga serbisyong nakukuha ninyo ngayon batay sa inyong mga pangangailangan, at sa pagtatasa ng inyong doktor at ng team ng pangangalaga. Maaari rin kayong makakuha ng ibang mga benepisyo sa labas ng inyong planong pangkalusugan katulad ng ginagawa ninyo ngayon, nang direkta mula sa isang ahensya ng Estado o county tulad ng In-Home Support Services (IHSS), mga serbisyo sa espesyalidad sa kalusugan ng isip at mga serbisyo sa problema sa paggamit ng bawal na gamot, o mga serbisyo ng regional center.</p> <p>Kapag nagpatala kayo sa Blue Shield TotalDual Plan, magtutulongan kayo ng inyong team ng pangangalaga upang bumuo ng isang Plano sa Pangangalaga para sa Indibidwal upang tugunan ang inyong mga pangangailangan sa kalusugan at suporta, na nagpapakita ng inyong personal na mga kagustuhan at layunin.</p> <p>Kung umiinom kayo ng anumang mga inireresetang gamot ng Medicare Part D na hindi karaniwang sinasaklaw ng Blue Shield TotalDual Plan, makakakuha kayo ng pansamantalang supply at tutulongan namin kayong magpalit ng gamot o makakuha ng pagbubukod para sa Blue Shield TotalDual Plan upang saklawin ang inyong gamot kung medikal na kinakailangan. Para sa karagdagang impormasyon, tumawag sa Customer Care sa 1-800-452-4413 (TTY: 711), 8:00 a.m. hanggang 8:00 p.m., pitong araw sa isang linggo.</p>
<p>Maaari ba akong pumunta sa parehong mga doktor kung saan ako nagpapatingin ngayon?</p>	<p>Madalas ganyan ang sitwasyon. Kung nakikipagtulungan ang inyong mga provider (kabilang ang mga doktor, ospital, therapist, parmasya, at iba pang provider ng pangangalagang pangkalusugan) sa Blue Shield TotalDual Plan at may kontrata sa amin, maaari kayong patuloy na pumunta sa kanila.</p>



Kung mayroon kayong mga tanong, mangyaring tawagan ang Blue Shield TotalDual Plan sa 1-800-452-4413 (TTY: 711), 8:00 a.m. hanggang 8:00 p.m., pitong araw sa isang linggo. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, puntahan ang www.blueshieldca.com/medicare. 7

Mga Madalas Itanong	Mga Sagot
	<ul style="list-style-type: none"> • Ang mga provider na may kasunduan sa amin ay “nasa network.” Lumalahok ang mga nasa network na provider sa aming plano. Nangangahulugan itong tumatanggap sila ng mga miyembro ng aming plano at nagbibigay ng mga serbisyong sinasaklaw ng aming plano. Dapat ninyong gamitin ang mga provider sa network ng Blue Shield TotalDual Plan. Kung gagamit kayo ng mga provider o parmasya na wala sa aming network, maaaring hindi bayaran ng plano ang mga serbisyo o gamot na ito. • Kung kailangan ninyo ng agaran o pang-emergency na pangangalaga o mga serbisyo ng dialysis sa labas ng lugar ng serbisyo, maaari ninyong gamitin ang mga provider sa labas ng plano ng Blue Shield TotalDual Plan. • Kung kayo ay kasalukuyang sumasailalim sa paggamot ng isang provider na wala sa network ng Blue Shield TotalDual Plan, o may nasimulang kaugnayan sa isang provider na wala sa network ng Blue Shield TotalDual Plan, tumawag sa Pangangalaga sa Customer upang magtanong tungkol sa pananatiling konektado at humiling ng pagpapatuloy ng pangangalaga. Kung nagkaroon kayo ng hindi pang-emergency na pagbisita sa isang pangunahing provider o provider ng espesyalidad na pangangalaga nang isang beses sa huling 12 buwan bago pa ang inyong pagpapatala sa aming plano, kayo at ang inyong provider ay maaaring humiling ng Pagpapatuloy ng Pangangalaga. Kung handang tanggapin ng inyong provider ang mga rate ng pagbabayad ng aming plano at walang anumang nakadokumentong isyu sa kalidad na pumipigil sa aming bayaran sila, maaari kayong patuloy na makatanggap ng pangangalaga mula sa pangunahing provider o provider ng espesyalidad na pangangalaga na ito para sa karagdagang 12 buwan pagkatapos magpapatala sa aming plano. Kayo, ang inyong provider, o ang inyong pinahintulutang kinatawan ay maaaring humiling ng pagpapatuloy ng pangangalaga para ipagpatuloy ang paggamot, tumawag sa Pangangalaga sa Customer upang malaman ang higit pa at masimulan ang inyong kahilingan.



Mga Madalas Itanong	Mga Sagot
	<p>Upang alamin kung ang inyong mga doktor ay nasa network ng plano, tumawag sa Pangangalaga sa Customer sa 1-800-452-4413 (TTY: 711), 8:00 a.m. hanggang 8:00 p.m., pitong araw sa isang linggo o basahin ang <i>Direktoryo ng Provider</i> ng Blue Shield Total Dual Plan sa website ng plano sa www.blueshieldca.com/medicare.</p> <p>Kung bago sa inyo ang Blue Shield TotalDual Plan, tutulungan namin kayong bumuo ng isang Plano sa Pangangalaga para sa Indibidwal ICP upang matugunan ang inyong mga pangangailangan.</p>
<p>Ano ang ibig sabihin ng isang coordinator ng pangangalaga ng Blue Shield TotalDual Plan?</p>	<p>Ang coordinator ng pangangalaga ng Blue Shield TotalDual Plan ay isang pangunahing tao kung kanino kayo makikipag-ugnayan. Tumutulong ang taong ito na pamahalaan ang lahat ng inyong provider at serbisyo at tinitiyak na nakukuha ninyo kung ano ang kailangan ninyo.</p>
<p>Ano ang ibig sabihin ng Mga Pangmatagalang Serbisyo at Suporta (Long-term Services and Supports, LTSS)?</p>	<p>Ang Mga Pangmatagalang Serbisyo at Suporta ay tulong para sa mga taong nangangailangan ng gabay sa pagsasagawa ng mga pang-araw-araw na gawain tulad ng paliligo, pagtulong sa paggamit ng palikuran, pagbibihis, pagluluto at pag-inom ng gamot. Karamihan sa mga serbisyong ito ay ibinibigay sa inyong bahay o inyong komunidad ngunit maaari din itong ibigay sa isang nursing home o ospital. Sa ilang mga sitwasyon, maaaring pangasiwaan ng isang county o ibang ahensya ang mga serbisyong ito, at ang inyong coordinator ng pangangalaga o koponan ng pangangalaga ay makikipagtulungan sa ahensya na iyan.</p>
<p>Ano ang Programa ng Maraming Serbisyo para sa Nakatatanda (Multipurpose Senior Services Program, MSSP)?</p>	<p>Nagbibigay ang MSSP ng nagpapatuloy na pagsasaayos ng pangangalaga kasama ng mga provider ng pangangalagang pangkalusugan dagdag pa sa kung ano ang ibinibigay na ng inyong planong pangkalusugan, at maaaring kumonekta sa inyo sa iba pang kinakailangang mga serbisyo sa komunidad at mga mapagkukunan. Tumutulong ang programang ito sa inyo na makakuha ng mga serbisyong tutulong sa inyong mamuhay nang mag-isa sa inyong tahanan.</p>



Kung mayroon kayong mga tanong, mangyaring tawagan ang Blue Shield TotalDual Plan sa 1-800-452-4413 (TTY: 711), 8:00 a.m. hanggang 8:00 p.m., pitong araw sa isang linggo. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, puntahan ang www.blueshieldca.com/medicare. 9

Mga Madalas Itanong	Mga Sagot
<p>Ano ang mangyayari kung kailangan ko ng serbisyo ngunit wala sa network ng Blue Shield TotalDual Plan ang makapagbibigay nito?</p>	<p>Karamihan sa mga serbisyo ay ibibigay ng aming mga nasa network na tagabigay. Kung kailangan ninyo ng serbisyo na hindi maibibigay sa loob ng aming network, babayaran ng Blue Shield TotalDual Plan ang gastusin ng wala sa network na provider.</p>
<p>Saan available ang Blue Shield TotalDual Plan?</p>	<p>Kabilang sa lugar ng serbisyo para sa plano na ito ang: Los Angeles at San Diego Counties, California. Kailangang nakatira kayo sa isa sa mga lugar na ito upang sumali sa plano.</p>
<p>Ano ang naunang pahintulot?</p>	<p>Ang ibig sabihin ng paunang pahintulot ay isang pag-apruba mula sa Blue Shield TotalDual Plan para maghanap ng mga serbisyong wala sa aming network o upang makakuha ng mga serbisyong hindi karaniwang sinasaklaw ng aming network bago ninyo makuha ang mga serbisyo. Maaaring hindi saklawin ng Blue Shield TotalDual Plan ang serbisyo, operasyon, bagay, o gamot kung hindi kayo nakakuha ng paunang pahintulot.</p> <p>Kung kayo ay nangangailangan ng agaran o pang-emergency na pangangalaga o serbisyo ng dialysis sa labas ng lugar ng serbisyo, hindi ninyo kailangang kumuha muna ng paunang pahintulot. Mabibigyan kayo o ang inyong provider ng Blue Shield TotalDual Plan ng isang listahan ng mga serbisyo o pamamaraan na nangangailangan ng paunang pahintulot mula sa Blue Shield TotalDual Plan bago maibigay ang serbisyo. Kung mayroon kayong mga tanong tungkol sa kung nangangailangan ng pahintulot ang mga partikular na serbisyo, pamamaraan, bagay, o gamot, tumawag sa Customer Care sa 1-800-452-4413 (TTY: 711), 8:00 a.m. hanggang 8:00 p.m., pitong araw sa isang linggo para sa tulong.</p>



Kung mayroon kayong mga tanong, mangyaring tawagan ang Blue Shield TotalDual Plan sa 1-800-452-4413 (TTY: 711), 8:00 a.m. hanggang 8:00 p.m., pitong araw sa isang linggo. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon,** puntahan ang www.blueshieldca.com/medicare.10

Mga Madalas Itanong	Mga Sagot
Ano ang rekomendasyon?	<p>Ang rekomendasyon ay nangangahulugan na dapat kayong bigyan ng inyong provider ng pangunahing pangangalaga (primary care provider, PCP) ng pag-apruba upang magpatingin sa isang tao na hindi ninyo PCP. Iba ang rekomendasyon sa paunang pahintulot. Kung hindi kayo makakuha ng rekomendasyon mula sa inyong PCP, maaaring hindi saklawin ng Blue Shield TotalDual Plan ang mga serbisyo. Mabibigyan kayo ng Blue Shield TotalDual Plan ng isang listahan ng mga serbisyo na nangangailangan sa inyong kumuha ng rekomendasyon mula sa inyong PCP bago maibigay ang serbisyo.</p> <p>Sumangguni sa <i>Ebidensya ng Saklaw</i> upang malaman pa ang tungkol sa kung kailan ninyo kailangang kumuha ng rekomendasyon mula sa inyong PCP.</p>
Magbabayad ba ako ng buwanang halaga (tinatawag ding premium) sa ilalim ng Blue Shield TotalDual Plan?	Hindi. Dahil mayroon kayong Medi-Cal, hindi kayo magbabayad ng anumang buwanang premium, kabilang ang inyong Medicare Part B na premium, para sa inyong saklaw sa kalusugan.
Magbabayad ba ako ng isang nababawas bilang miyembro ng Blue Shield TotalDual Plan?	Hindi. Hindi kayo magbabayad ng mga nababawas sa Blue Shield TotalDual Plan.
Magkano ang maximum na halaga mula sa sariling bulsa ang babayaran ko para sa mga serbisyong medikal bilang isang miyembro ng Blue Shield TotalDual Plan?	Walang cost sharing para sa mga serbisyong medikal sa Blue Shield TotalDual Plan, kaya ang inyong taunang mga gastusing mula sa sariling bulsa ay \$0.
Mayroon ba akong gap sa saklaw para sa mga gamot?	Hindi. Dahil mayroon kayong Medi-Cal, hindi kayo magkakaroon ng yugto ng gap sa saklaw para sa inyong mga gamot.



Kung mayroon kayong mga tanong, mangyaring tawagan ang Blue Shield TotalDual Plan sa 1-800-452-4413 (TTY: 711), 8:00 a.m. hanggang 8:00 p.m., pitong araw sa isang linggo. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, puntahan ang www.blueshieldca.com/medicare. 11

Mga Madalas Itanong	Mga Sagot
<p>Ano ang dapat kong gawin kung sinusubukan akong singilin ng isang provider para sa saklaw na serbisyo?</p>	<p>HUWAG bayaran ang bill, hindi pinapayagan ang mga provider na sumingil sa mga miyembrong may Medicare at Medi-Cal para sa mga saklaw na serbisyo. Tumawag sa Pangangalaga sa Customer ng Blue Shield TotalDual Plan sa 1-800-452-4413 (TTY: 711), 8:00 a.m. hanggang 8:00 p.m., pitong araw sa isang linggo, at makikipagtulungan kami sa inyong provider.</p>
<p>Paano ko isusumite ang mga claim para sa hearing aid para sa pag-reimburse?</p>	<p>Ire-reimburse kayo ng Blue Shield TotalDual Plan ng hanggang \$2,000 kada taon para sa mga hearing aid. Ang saklaw ng hearing aid ay para sa dalawang tainga. Maaari kayong pumunta sa inyong gustong provider upang makakuha ng mga hearing aid at bayaran nang direkta ang provider. Maaari niyong isumite ang mga claim para sa hearing aid para sa pag-reimburse sa pamamagitan ng koreo o fax. Isama ang inyong resibo sa inyong kahilingan sa pag-reimburse at ipadala sa:</p> <p>Koreo: Blue Shield of California Medicare Customer Care P.O. Box 927 Woodland Hills, CA 91367</p> <p>O</p> <p>Fax: 877-251-6671</p> <p>Sa sandaling matanggap ang pag-reimburse, aabutin nang hanggang 30 araw para maproseso ang inyong claim. Makipag-ugnayan sa Pangangalaga sa Customer sa 1-800-452-4413 (TTY: 711), 8:00 a.m. hanggang 8:00 p.m., pitong araw sa isang linggo, kung mayroon kayong mga karagdagang tanong.</p>



Kung mayroon kayong mga tanong, mangyaring tawagan ang Blue Shield TotalDual Plan sa 1-800-452-4413 (TTY: 711), 8:00 a.m. hanggang 8:00 p.m., pitong araw sa isang linggo. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, puntahan ang www.blueshieldca.com/medicare.12



Kung mayroon kayong mga tanong, mangyaring tawagan ang Blue Shield TotalDual Plan sa 1-800-452-4413 (TTY: 711), 8:00 a.m. hanggang 8:00 p.m., pitong araw sa isang linggo. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, puntahan ang www.blueshieldca.com/medicare.¹³

C. Listahan ng mga saklaw na serbisyo

Ang sumusunod na talaan ay isang mabilis na pangkalahatang-ideya ng mga serbisyong maaaring kailanganin ninyo, inyong mga gastos, at mga tuntunin tungkol sa mga benepisyo.

Pangangailangan o alalahanin sa kalusugan	Mga serbisyong maaaring kailanganin ninyo	Ang inyong mga gastos para sa mga nasa network na provider	Impormasyon hinggil sa mga limitasyon, pagbubukod, at benepisyo (mga tuntunin tungkol sa mga benepisyo)
Kailangan mo ng pangangalaga sa ospital	Pananatili sa ospital	\$0	Sinasaklaw ng Blue Shield TotalDual Plan ang unlimited na bilang ng mga araw para sa isang inpatient na pamamalagi sa ospital. Malalapat ang mga panuntunan sa pagpapahintulot. Malalapat ang mga kinakailangan sa referral.
	Pangangalaga ng doktor o surgeon	\$0	Ibinibigay ang pangangalaga ng doktor at surgeon bilang bahagi ng iyong pananatili sa ospital.
	Mga outpatient na serbisyo ng ospital, kabilang ang obserbasyon	\$0	
	Mga serbisyo ng ambulatory na surgical center (ASC)	\$0	



Kung mayroon kayong mga tanong, mangyaring tawagan ang Blue Shield TotalDual Plan sa 1-800-452-4413 (TTY: 711), 8:00 a.m. hanggang 8:00 p.m., pitong araw sa isang linggo. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, puntahan ang www.blueshieldca.com/medicare.¹⁴

Pangangailangan o alalahanin sa kalusugan	Mga serbisyong maaaring kailanganin ninyo	Ang inyong mga gastos para sa mga nasa network na provider	Impormasyon hinggil sa mga limitasyon, pagbubukod, at benepisyo (mga tuntunin tungkol sa mga benepisyo)
Kailangan ninyo ng doktor	Mga pagbisita upang gamutin ang isang pinsala o sakit	\$0	<p>Dapat kang pumunta sa mga doktor, espesyalista, at ospital sa network.</p> <p>Malalapat ang mga panuntunan sa pagpapahintulot.</p> <p>Kailangan ng referral para sa mga ospital at espesyalista sa network (para sa ilang partikular na benepisyo).</p>
	Espesyalista na pangangalaga	\$0	<p>Dapat kang pumunta sa mga doktor, espesyalista, at ospital sa network.</p> <p>Malalapat ang mga panuntunan sa pagpapahintulot.</p> <p>Kailangan ng referral para sa mga ospital at espesyalista sa network (para sa ilang partikular na benepisyo).</p>
	Mga pagbisita ukol sa wellness, gaya ng physical	\$0	<p>Dapat kang pumunta sa mga doktor, espesyalista, at ospital sa network.</p> <p>Malalapat ang mga panuntunan sa pagpapahintulot.</p> <p>Kailangan ng referral para sa mga ospital at espesyalista sa network (para sa ilang partikular na benepisyo).</p>



Kung mayroon kayong mga tanong, mangyaring tawagan ang Blue Shield TotalDual Plan sa 1-800-452-4413 (TTY: 711), 8:00 a.m. hanggang 8:00 p.m., pitong araw sa isang linggo. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, puntahan ang www.blueshieldca.com/medicare.¹⁵

Pangangailangan o alalahanin sa kalusugan	Mga serbisyong maaaring kailanganin ninyo	Ang inyong mga gastos para sa mga nasa network na provider	Impormasyon hinggil sa mga limitasyon, pagbubukod, at benepisyo (mga tuntunin tungkol sa mga benepisyo)
	Pangangalaga upang maiwasan ninyong magkasakit, gaya ng mga iniksyon para sa trangkaso at mga screening para suriin kung may cancer	\$0	Inilalapat sa lahat ng serbisyo na pang-iwas sa sakit na sinasaklaw ng Original Medicare o Medi-Cal.
	"Welcome sa Medicare" (pagbisitang pang-iwas sa sakit isang beses lang)	\$0	<p>Sinasaklaw namin ang isang beses na "Welcome sa Medicare" na pagbisitang pang-iwas sa sakit. Kasama sa pagbisita ang:</p> <ul style="list-style-type: none"> • Isang pagsusuri ng inyong kalusugan, • Edukasyon at pagpapayo tungkol sa mga serbisyong pang-iwas sa sakit na kailangan ninyo (kasama ang mga screening at iniksyon), at • Mga rekomendasyon para sa iba pang pangangalaga kung kailangan ninyo ito. <p>Tandaan: Sinasaklaw lang namin ang "Welcome sa Medicare" na pagbisitang pang-iwas sa sakit sa loob ng unang 12 buwan na mayroon kayong Medicare Part B. Kapag gumawa kayo ng inyong appointment, sabihin sa tanggapan ng inyong doktor na gusto ninyong i-schedule ang inyong "Welcome sa Medicare" na pagbisitang pang-iwas sa sakit.</p>



Kung mayroon kayong mga tanong, mangyaring tawagan ang Blue Shield TotalDual Plan sa 1-800-452-4413 (TTY: 711), 8:00 a.m. hanggang 8:00 p.m., pitong araw sa isang linggo. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, puntahan ang www.blueshieldca.com/medicare.16

Pangangailangan o alalahanin sa kalusugan	Mga serbisyong maaaring kailanganin ninyo	Ang inyong mga gastos para sa mga nasa network na provider	Impormasyon hinggil sa mga limitasyon, pagbubukod, at benepisyo (mga tuntunin tungkol sa mga benepisyo)
<p>Kailangan ninyo ng pang-emergency na pangangalaga (ipinagpatuloy sa susunod na page)</p> <p>Kailangan ninyo ng pang-emergency na pangangalaga (ipinagpatuloy)</p>	Mga serbisyo sa emergency room	\$0	Maaari kayong pumunta sa anumang emergency room kung kayo ay makatwirang naniniwala na kailangan ninyo ng pang-emergency na pangangalaga. Maaari ninyong i-access ang mga serbisyo ng emergency room na wala sa network ng Blue Shield TotalDual Plan at nang walang paunang pahintulot.
	Agarang pangangalaga	\$0	Ito ay HINDI pang-emergency na pangangalaga. Ang agarang pangangalaga ay kapag ang isang kondisyon, karamdaman, o pinsala ay hindi nakamamatay, ngunit nangangailangan kaagad ng pangangalagang medikal. Maaari ninyong i-access ang mga serbisyo ng agarang pangangalaga na wala sa network ng Blue Shield TotalDual Plan at nang walang paunang pahintulot.
<p>Kailangan mo ng mga medikal na pagsusuri</p>	Mga serbisyo ng diagnostic radiology (halimbawa, mga X-ray o iba pang imaging service, tulad ng mga CAT scan o magnetic resonance imaging MPT)	\$0	Malalapat ang mga panuntunan sa pagpapahintulot. Malalapat ang mga kinakailangan sa referral.
	Mga pagsusuri sa lab at mga diagnostic na operasyon, tulad ng blood work	\$0	Malalapat ang mga panuntunan sa pagpapahintulot. Malalapat ang mga kinakailangan sa referral.



Kung mayroon kayong mga tanong, mangyaring tawagan ang Blue Shield TotalDual Plan sa 1-800-452-4413 (TTY: 711), 8:00 a.m. hanggang 8:00 p.m., pitong araw sa isang linggo. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, puntahan ang www.blueshieldca.com/medicare.17

Pangangailangan o alalahanin sa kalusugan	Mga serbisyong maaaring kailanganin ninyo	Ang inyong mga gastos para sa mga nasa network na provider	Impormasyon hinggil sa mga limitasyon, pagbubukod, at benepisyo (mga tuntunin tungkol sa mga benepisyo)
Kailangan ninyo ng mga serbisyo para sa pandinig/auditory	Mga screening sa pandinig	\$0	Exam upang masuri at gamutin ang mga problema sa pandinig at balanse. Malalapat ang mga panuntunan sa pagpapahintulot. Malalapat ang mga kinakailangan sa referral.
	Mga hearing aid	\$0	Ire-reimburse kayo ng aming plano ng hanggang \$2,000 kada taon para sa mga hearing aid. Ang saklaw ng hearing aid ay para sa dalawang tainga. Maaari kayong pumunta sa inyong gustong provider upang makakuha ng mga hearing aid at bayaran nang direkta ang provider.
Kailangan ninyo ng pangangalaga sa ngipin	Mga check-up sa ngipin at pangangalagang pang-iwas sa sakit	\$0	Nag-aalok ang Blue Shield ng mga serbisyo sa ngipin na hindi saklaw ng Medi-Cal dental program. Para sa higit pang impormasyon tungkol sa kung ano ang sinasaklaw ng Blue Shield at paano ito kumo-coordinate sa Medi-Cal dental, sumangguni sa Chapter 4 ng Handbook ng Miyembro. Para sa higit pang impormasyon hinggil sa mga benepisyo para sa ngipin ng Medi-Cal pakipuntahan ang https://smilecalifornia.org



Kung mayroon kayong mga tanong, mangyaring tawagan ang Blue Shield TotalDual Plan sa 1-800-452-4413 (TTY: 711), 8:00 a.m. hanggang 8:00 p.m., pitong araw sa isang linggo. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, puntahan ang www.blueshieldca.com/medicare.18

Pangangailangan o alalahanin sa kalusugan	Mga serbisyong maaaring kailanganin ninyo	Ang inyong mga gastos para sa mga nasa network na provider	Impormasyon hinggil sa mga limitasyon, pagbubukod, at benepisyo (mga tuntunin tungkol sa mga benepisyo)
	Restorative at pang-emergency na pangangalaga sa ngipin	\$0	Nag-aalok ang Blue Shield ng mga serbisyo sa ngipin na hindi saklaw ng Medi-Cal dental program. Para sa higit pang impormasyon tungkol sa kung ano ang sinasaklaw ng Blue Shield at paano ito nag-co-coordinate sa Medi-Cal dental, sumangguni sa Chapter 4 ng Handbook ng Miyembro. Para sa higit pang impormasyon hinggil sa mga benepisyo sa ngipin ng Medi-Cal pakipuntahan ang https://smilecalifornia.org
Kailangan mo ng pangangalaga sa mata	Mga pagsusuri sa mata	\$0	Isang karaniwang pagsusuri sa mata kada taon. Babayaran namin ang mga outpatient na serbisyo ng doktor para sa pagsusuri at paggamot ng mga sakit at pinsala sa mata (kasama rito ang taunang mga pagsusuri sa mata para sa diabetic retinopathy para sa mga taong may diabetes at paggamot para sa may kaugnayan sa edad na macular degeneration). Para sa mga taong may mataas na panganib na magkaroon ng glaucoma, babayaran namin ang isang screening para sa glaucoma bawat taon. Kabilang sa mga taong may mataas na panganib na magkaroon ng glaucoma ang: mga taong may kasaysayan ng glaucoma sa pamilya, mga taong may diabetes, mga African American na may edad na 50 at mas matanda pa, at mga Hispanic American na 65 taong gulang o mas matanda pa.



Kung mayroon kayong mga tanong, mangyaring tawagan ang Blue Shield TotalDual Plan sa 1-800-452-4413 (TTY: 711), 8:00 a.m. hanggang 8:00 p.m., pitong araw sa isang linggo. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, puntahan ang www.blueshieldca.com/medicare.19

Pangangailangan o alalahanin sa kalusugan	Mga serbisyong maaaring kailanganin ninyo	Ang inyong mga gastos para sa mga nasa network na provider	Impormasyon hinggil sa mga limitasyon, pagbubukod, at benepisyo (mga tuntunin tungkol sa mga benepisyo)
	Mga salamin sa mata o contact lense	\$0	<p>Babayaran namin ang hanggang \$375 para sa mga salamin sa mata at lens) o mga contact lens kada taon.</p> <p>Magagamit ninyo ang inyong allowance para sa pagpapaganda ng mga frame, lens, pagpapahusay ng lens, eksaminasyon sa contact lens at contacts. Maaari ninyong itabi ang natitirang balanse para sa paggamit sa ibang pagkakataon sa loob ng parehong panahon ng benepisyo. Kung pipiliin ninyo ang mga contact lens o mga salamin sa mata (mga frame o lens) na nagkakahalaga ng mahigit sa \$375, kayo ang mananagot sa labis na halaga.</p> <p>Babayaran namin ang isang pares ng salamin sa mata o contact lens pagkatapos ng bawat operasyon sa katarata kapag naglagay ang doktor ng intraocular lens. (Kung mayroon kayong dalawang magkahiwalay na operasyon sa katarata, dapat kayong kumuha ng isang pares ng salamin sa mata pagkatapos ng bawat operasyon. Hindi kayo makakakuha ng 2 pares ng mga salamin sa mata pagkatapos ng pangalawang operasyon, kahit na hindi kayo kumuha ng isang pares ng mga salamin sa mata pagkatapos ng unang operasyon). Babayaran din namin ang corrective lens, mga frame, at kapalit, kung kakailanganin ninyo ang mga ito pagkatapos ng pag-alis ng katarata na walang pag-implant ng lens.</p>



Kung mayroon kayong mga tanong, mangyaring tawagan ang Blue Shield TotalDual Plan sa 1-800-452-4413 (TTY: 711), 8:00 a.m. hanggang 8:00 p.m., pitong araw sa isang linggo. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, puntahan ang www.blueshieldca.com/medicare.20

Pangangailangan o alalahanin sa kalusugan	Mga serbisyong maaaring kailanganin ninyo	Ang inyong mga gastos para sa mga nasa network na provider	Impormasyon hinggil sa mga limitasyon, pagbubukod, at benepisyo (mga tuntunin tungkol sa mga benepisyo)
	Iba pang pangangalaga sa paningin	\$0	
Kailangan ninyo ng mga serbisyo sa kalusugan ng isip	Mga serbisyo sa kalusugan ng isip	\$0	<p><i>Sinasaklaw ng Blue Shield TotalDual Plan ang karamihan sa mga serbisyo sa kalusugan ng isip ng Medicare at Medi-Cal, ngunit ang ilang mga serbisyo sa espesyalidad sa kalusugan ng isip at mga serbisyo sa problema sa paggamit ng bawal na gamot ay ibinibigay sa labas ng plano sa pamamagitan ng mga ahensya sa estado o county. Para sa higit pang impormasyon tungkol sa mga serbisyong ito, sumangguni sa Section D sa dokumentong ito.</i></p> <p><i>Maaaring ilapat ang mga tuntunin sa Paunang Pahintulot.</i></p> <p><i>Malalapat ang mga kinakailangan sa referral.</i></p>



Kung mayroon kayong mga tanong, mangyaring tawagan ang Blue Shield TotalDual Plan sa 1-800-452-4413 (TTY: 711), 8:00 a.m. hanggang 8:00 p.m., pitong araw sa isang linggo. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, puntahan ang www.blueshieldca.com/medicare.21

Pangangailangan o alalahanin sa kalusugan	Mga serbisyong maaaring kailanganin ninyo	Ang inyong mga gastos para sa mga nasa network na provider	Impormasyon hinggil sa mga limitasyon, pagbubukod, at benepisyo (mga tuntunin tungkol sa mga benepisyo)
	Pangangalagang inpatient at outpatient at mga serbisyong batay sa komunidad para sa mga taong nangangailangan ng mga serbisyo sa kalusugan ng isip	\$0	<p>Kasama sa mga saklaw na serbisyo ang mga serbisyo ng pag-alaga sa kalusugan ng isip na nangangailangan ng pananatili sa ospital.</p> <p>Sinasaklaw ng Medicare ang hanggang 90 araw ng medikal na kinakailangang pagpapaospital para sa bawat panahon ng benepisyo at sinasaklaw ng Medi-Cal ang unlimited, at medikal na kinakailangang mga araw.</p> <p>Sinasaklaw din ng Medicare ang hanggang 60 karagdagang buong buhay na nakareserbang araw na maaaring gamitin nang isang beses lang sa buhay para sa pangangalagang ibinigay saanman sa ospital para sa malalang pangangalaga o psychiatric na ospital</p>
	Pangangalagang inpatient at outpatient at mga serbisyong batay sa komunidad para sa mga taong nangangailangan ng mga serbisyo sa kalusugan ng isip		<p>Sinasaklaw ng Medicare ang hanggang 40 karagdagang araw sa Psychiatric na ospital nang isang beses sa inyong buhay, at sinasaklaw ng Medi-Cal ang unlimited, at medikal na kinakailangang mga araw.</p> <p>Maaaring ilapat ang mga tuntunin sa paunang pahintulot.</p>



Kung mayroon kayong mga tanong, mangyaring tawagan ang Blue Shield TotalDual Plan sa 1-800-452-4413 (TTY: 711), 8:00 a.m. hanggang 8:00 p.m., pitong araw sa isang linggo. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, puntahan ang www.blueshieldca.com/medicare.22

Pangangailangan o alalahanin sa kalusugan	Mga serbisyong maaaring kailanganin ninyo	Ang inyong mga gastos para sa mga nasa network na provider	Impormasyon hinggil sa mga limitasyon, pagbubukod, at benepisyo (mga tuntunin tungkol sa mga benepisyo)
<p>Kailangan ninyo ng mga serbisyo sa problema sa paggamit ng bawal na gamot</p>	<p>Mga serbisyo sa problema sa paggamit ng bawal na gamot</p>	<p>\$0</p>	<p>Babayaran namin ang mga sumusunod na serbisyo, at maaaring ang iba pang mga serbisyong hindi nakalista sa ibaba:</p> <ul style="list-style-type: none"> • Screening at pagpapayo para sa labis na pag-inom ng alak • Paggamot sa pang-aabuso sa droga • Panggrupo o pang-indibidwal na pagpapayo ng isang kwalipikadong clinician • Subacute na detoxification sa isang programa para sa adiksiyon na may tirahan • Mga serbisyo sa alak at/o droga sa isang center ng intensive na outpatient na paggamot • Extended-release na Naltrexone (vivitrol) na paggamot <p>Maaaring ilapat ang mga tuntunin sa paunang pahintulot. Malalapat ang mga kinakailangan sa referral.</p>



Kung mayroon kayong mga tanong, mangyaring tawagan ang Blue Shield TotalDual Plan sa 1-800-452-4413 (TTY: 711), 8:00 a.m. hanggang 8:00 p.m., pitong araw sa isang linggo. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, puntahan ang www.blueshieldca.com/medicare.23

Pangangailangan o alalahanin sa kalusugan	Mga serbisyong maaaring kailanganin ninyo	Ang inyong mga gastos para sa mga nasa network na provider	Impormasyon hinggil sa mga limitasyon, pagbubukod, at benepisyo (mga tuntunin tungkol sa mga benepisyo)
Kailangan mo ng matitirhan kasama ng mga taong nariyan upang tulungan ka	Pangangalaga ng sanay na tagapag-alaga	\$0	Sinasaklaw ng Blue Shield TotalDual Plan ang unlimited na bilang ng mga araw sa isang Pasilidad ng Sanay na Pag-aalaga (Skilled Nursing Facility, SNF). Malalapat ang mga panuntunan sa pagpapahintulot. Malalapat ang mga kinakailangan sa referral.
	Pangangalaga sa nursing home	\$0	Malalapat ang mga panuntunan sa pagpapahintulot. Malalapat ang mga kinakailangan sa referral. Makipag-ugnayan sa Blue Shield TotalDual Plan para sa mga detalye.
	Adult Foster Care at Group Adult Foster Care	\$0	Malalapat ang mga panuntunan sa pagpapahintulot. Malalapat ang mga kinakailangan sa referral.
Kailangan mo ng therapy pagkatapos ng stroke o aksidente	Occupational, physical, o speech therapy	\$0	Malalapat ang mga panuntunan sa pagpapahintulot. Malalapat ang mga kinakailangan sa referral.
Nangangailangan kayo ng tulong sa pagkuha ng mga serbisyo sa kalusugan	Mga serbisyo ng ambulansya	\$0	Malalapat ang mga panuntunan sa pagpapahintulot.
	Pang-emergency na transportasyon	\$0	Malalapat ang mga panuntunan sa pagpapahintulot.



Kung mayroon kayong mga tanong, mangyaring tawagan ang Blue Shield TotalDual Plan sa 1-800-452-4413 (TTY: 711), 8:00 a.m. hanggang 8:00 p.m., pitong araw sa isang linggo. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, puntahan ang www.blueshieldca.com/medicare.24

Pangangailangan o alalahanin sa kalusugan	Mga serbisyong maaaring kailanganin ninyo	Ang inyong mga gastos para sa mga nasa network na provider	Impormasyon hinggil sa mga limitasyon, pagbubukod, at benepisyo (mga tuntunin tungkol sa mga benepisyo)
	Transportasyon patungo sa mga medikal na appointment at serbisyo	\$0	Malalapat ang mga panuntunan sa pagpapahintulot.
Kailangan ninyo ng mga gamot para gamutin ang inyong karamdaman o kundisyon (ipinagpatuloy sa susunod na page)	Mga gamot na kailangan ng reseta ng Medicare Part B	\$0	Kabilang sa mga Part B na gamot ang mga gamot na ibinibigay ng inyong doktor sa kanilang tanggapan, at ilang gamot para sa oral cancer, at ilang gamot na ginagamitan ng partikular na kagamitang medikal. Basahin ang <i>Ebidensya ng Saklaw</i> para sa higit pang impormasyon sa mga gamot na ito.



Kung mayroon kayong mga tanong, mangyaring tawagan ang Blue Shield TotalDual Plan sa 1-800-452-4413 (TTY: 711), 8:00 a.m. hanggang 8:00 p.m., pitong araw sa isang linggo. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, puntahan ang www.blueshieldca.com/medicare.25

Pangangailangan o alalahanin sa kalusugan	Mga serbisyong maaaring kailanganin ninyo	Ang inyong mga gastos para sa mga nasa network na provider	Impormasyon hinggil sa mga limitasyon, pagbubukod, at benepisyo (mga tuntunin tungkol sa mga benepisyo)
<p>Kailangan ninyo ng mga gamot para gamutin ang inyong karamdaman o kundisyon (ipinagpatuloy sa susunod na page)</p>	<p>Tier 1: Mga piniling Generic na gamot (kasama ang mga piniling generic na gamot)</p>	<p>\$0 para sa 30 araw na supply.</p>	<p>Maaaring may mga limitasyon sa mga uri ng gamot na sinasaklaw. Mangyaring sumangguni sa <i>Listahan ng Mga Saklaw na Gamot</i> ng Blue Shield TotalDual Plan (Listahan ng Gamot) para sa higit pang impormasyon.</p> <p>Sa sandaling kayo o ang ibang tao sa ngalan ninyo ay nagbabayad ng \$8,000 naabot na ninyo ang antas ng catastrophic coverage at magbabayad kayo ng \$0 para sa lahat ng gamot ng Medicare. Basahin ang Ebidensya ng Saklaw para sa higit pang impormasyon sa antas na ito.</p> <p>Mahalagang Mensahe Tungkol sa Kung Ano ang Binabayaran Ninyo para sa Mga Bakuna – Itinuturing ang ilang bakuna na mga benepisyong medikal. Itinuturing ang ibang mga bakuna na mga Part D na gamot. Makikita ninyong nakalista ang mga bakunang ito sa Listahan ng Mga Saklaw na Gamot (Listahan ng Gamot) ng plano. Sinasaklaw ng aming plano ang karamihan sa mga Part D na bakuna nang libre para sa inyo.</p> <p>Available ang mga pinahabang araw na supply sa mga network retail at mail service na parmasya na lokasyon. Ang halaga ng cost sharing para sa mga pinahabang araw ng supply ay pareho ng isang buwang supply.</p> <p>Maaari ninyong kunin ang inyong mga gamot sa network retail at sa mga mail service na parmasya.</p>



Kung mayroon kayong mga tanong, mangyaring tawagan ang Blue Shield TotalDual Plan sa 1-800-452-4413 (TTY: 711), 8:00 a.m. hanggang 8:00 p.m., pitong araw sa isang linggo. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, puntahan ang www.blueshieldca.com/medicare.26

Pangangailangan o alalahanin sa kalusugan	Mga serbisyong maaaring kailanganin ninyo	Ang inyong mga gastos para sa mga nasa network na provider	Impormasyon hinggil sa mga limitasyon, pagbubukod, at benepisyo (mga tuntunin tungkol sa mga benepisyo)
